



Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

EPEKTIBO NOONG ENERO 1, 2020



**JUDICIAL COUNCIL
OF CALIFORNIA**

COURT INTERPRETERS
ADVISORY PANEL

Talaan ng Mga Nilalaman

A.	Layunin.....	1
B.	Hurisdiksyon.....	2
C.	Mga Batayan para sa Mga Parusa sa Mga Kredensyal ng Tagasalin	2
D.	Batas ng Mga Limitasyon.....	3
E.	Pagsusumite ng Kahilingan para sa Pagsusuri ng Kredensyal	3
F.	Pagtatasa ng Kahilingan para sa Pagsusuri ng Kredensyal.....	4
G.	Pagsisiyasat ng Kahilingan para sa Pagsusuri ng Kredensyal at Pagbibigay ng Dokumento ng Akusasyon	5
H.	Paglutang hindi Nagbibigay ng Dokumento ng Akusasyon	7
I.	Karapatang Mapangatawanan.....	7
J.	Mga Paglilitis sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig at Pagsusuri ng Panel ng Pagpapayo ng Judicial Council	8
K.	Parusa Hinggil sa Kredensyal.....	8
L.	Abiso ng Parusa sa Kredensyal.....	9
M.	Mga Apela	9
N.	Pagbabalik.....	9
O.	Pagkakumpidensyal	10

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

A. Layunin

Mayroong ginagampanang mahalagang tungkulin ang mga tagasalin ng hukuman sa pangangasiwa ng mga tumpak na komunikasyon sa pagitan ng hukuman at mga gumagamit na may limitadong kasanayan sa English. Sa pagganap sa mahalagang tugkuling iyon, napapailalim ang mga tagasalin ng hukuman sa mga probisyon ng propesyunal na pag-uugali ng panuntunan 2.890 ng Mga Panuntunan ng Hukuman ng California.¹ Ginagamit ng Judicial Council ng California ang mga pamamaraan ng pagsusuri ng kredensyal na ito alinsunod sa seksyon 68562(d) ng Kodigo ng Pamahalaan, na nagsasabing: “Gagamitin ng Judicial Council ang mga pamantayan at kinakailangan para sa kahusayan, pagpapatuloy ng edukasyon, pag-renew ng sertipikasyon, at disiplina ng tagasalin. Gagamit ang Judicial Council ng mga pamantayan ng propesyunal na pag-uugali para sa mga tagasalin ng hukuman.”

Ipinapatupad ng mga pamamaraang ito ang mga propesyunal na pamantayan para sa mga sertipikado at nakarehistrong tagasalin ng hukuman sa pamamagitan ng:

1. Pagbuo ng proseso para sa Judicial Council sa ilalim ng kapangyarihan nito para maglabas ng mga kredensyal ng tagasalin ng hukuman, at para magsuri ng mga paratang ng propesyunal na maling pag-uugali o maling gawain laban sa mga sertipikado at nakarehistrong tagasalin ng hukuman;
2. Pagtukoy sa mga proteksyon at pamamaraan ng naaangkop na prosesong umiiral sa proseso ng pagsusuri ng kredensyal;
3. Pagtiyak na natutugunan at napapanatili ng mga sertipikado at nakarehistrong tagasalin ng hukuman ng California ang mga minimum na propesyunal na pamantayan ng kasanayan; at
4. Pag-iingat sa kalidad at integridad ng mga may kredensyal na tagasalin ng hukuman sa California.

Kinikilala ng mga itinakdang pamamaraan ang pagkakaiba sa pagitan ng mga obligasyon ng Judicial Council bilang konsehong nagbibigay ng kredensyal para matiyak na sumusunod ang mga tagasalin sa mga kodigo ng propesyunal na pag-uugali ayon sa itinakda sa panuntunan 2.890, *Propesyunal na pag-uugali para sa mga tagasalin*, at ng mga obligasyon ng employer para matiyak na sinusunod ng mga empleyadong tagasalin ang mga patakaran sa lugar ng trabaho. Nananatili sa mga hukuman ng paglilitis ang kapangyarihang ipatupad ang mga patakaran para sa mga lokal na tauhan nito, kasunduan sa sama-samang pakikipagnegosasyon, at kontraktual na kasunduan sa mga tagasalang may hiwalay na kontrata.

¹ *Ang Mga Propesyunal na Pamantayan at Etika para sa Mga Tagasalin ng Hukuman ng California*, na inilathala ng Judicial Council, ay batay sa mga prinsipyo at kinakailangang nakalahad sa panuntunan 2.890 ng Mga Panuntunan ng Hukuman ng California. Available ang manual sa www.courts.ca.gov/documents/CIP-Ethics-Manual.pdf.

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

Hindi hinahadlangan ng mga pamamaraan ng pagsusuri ng kredensyal ang isang nakatataas na hukuman—alinsunod sa nalalapat na kasulatan ng kasunduan, mga patakaran para sa tauhan, at/o mga lokal na panuntunan ng hukuman—na tumanggap at magsiyasat ng mga reklamo, magsiyasat, at isagawa ang mga kinakailangang pandisiplina o pampawastong pagkilos sa mga empleyadong tagasalin o kontraktor na labag sa mga panuntunan, patakaran, at pamamaraan ng hukuman, ngunit sa halip ay karagdagan ang sa mga pagkilos ng lokal na hukuman.

Hiwalay ang mga pamamaraan ng pagsusuri ng kredensyal sa pagdisiplinang buhat ng pagganap sa trabaho ng tagasalin. Gayunpaman, ang mga pandisiplina o pampawastong pagkilos sa hukuman sa isang empleyadong tagasalin ay maaaring isaalang-alang sa proseso ng pagsusuri ng kredensyal, o, sa mga isinagawang pagkilos sa kontraktuwal na kasunduan ng hiwalay na tagasalin sa hukuman bilang resulta ng paratang ng maling pag-uugali o mga kasalukuyang isyu sa pagganap.

B. Hurisdiksyon

Napapailalim sa mga pamamaraang ito ang bawat sertipikado o nakarehistrong tagasalin ng sinasalitang wika sa Master List ng Mga Sertipikado at Nakarehistrong Tagasalin ng Hukuman (Certified Court and Registered Interpreters) (Master List).² Umiiral ang hurisdiksyon sa isang tagasalin para magpatupad at kumilos sa ilalim ng mga pamamaraang ito, nakatira man o hindi sa California ang tagasalin.

C. Mga Batayan para sa Mga Parusa sa Mga Kredensyal ng Tagasalin

Bilang samahang responsable para sa pagbibigay ng mga kredensyal sa mga tagasalin ng hukuman sa California, maaaring magpataw ang Konsehong Panghukuman ng Programa ng Mga Tagasalin ng Hukuman (Court Interpreters Program o CIP) ng California ng mga parusa sa sinumang sertipikado o nakarehistrong tagasalin ng hukuman ng California, hanggang sa at kinabibilangan ng pagpapawalang bisa sa kredensyal ng tagasalin. Maaaring kabilang sa mga batayan para sa mga parusa ang:

1. Paglabag sa panuntunan 2.890 ng Mga Panuntunan ng Hukuman ng California;
2. Matinding kawalan ng kakayahan;
3. Sadyang misrepresentasyon ng kredensyal ng sertipikado o nakarehistrong tagasalin ng hukuman, kabilang ang pagkabisuhan ang mga kaugnay na partido tungkol sa pagsususpende o pagpapawalang bisa sa kredensyal ng tagasalin ng hukuman;
4. Sinadya at walang ingat na pagsisiwalat ng kumpidensyal o pribadong impormasyong nakuha habang naglilingkod nang may opisyal na kapasidad;

² Binibigyan ng kredensyal ng Rehistro ng Mga Tagasalin para sa Bingi (Registry of Interpreters for the Deaf o RID) ang mga tagasalin ng American Sign Language. Makikita ang impormasyon tungkol sa paghahain ng kahilingan para sa pagsusuri ng tagasalang sertipikado ng RID sa www.rid.org/ethics/file-a-complaint/.

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

5. Pandaraya, kawalan ng katapatan, o katiwaliang nauugnay sa mga gawain at tungkulin ng tagasalin ng hukuman;
6. Nahatulan ng malalang krimen o hindi gaanong mabigat na krimen;
7. Paglabag sa batas ng California o pederal na batas, kabilang ang mga batas ng diskriminasyon at panliligalig;
8. Mali o mapanlinlang na pag-aanunsyo matapos makatanggap ng abisong huminto; at
9. Paglabag sa mga tungkuling iniatas ng mga pamamaraang ito.

D. Batas ng Mga Limitasyon

Ang mga kahilingan para sa pagsusuri sa kredensyal ng hinihinalang maling pag-uugali ayon sa tinukoy sa seksyon C, Mga Batayan para sa Mga Parusa sa Kredensyal ng Tagasalin, na isinumite sa CIP ng isang indibidwal o samahan **bukod sa isang hukuman** nang mahigit 90 araw pagkatapos mangyari ang hinihinalang maling pag-uugali ay tatanggihan bilang hindi napapanahon, at walang isasagawang higit na pagkilos.

Kung makatanggap ang isang hukuman ng paglilitis ng reklamong maaaring mangailangan ng pagsusuri ng kredensyal, nalalapat ang mga sumusunod na limitasyon sa oras:

1. Ang mga kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal na isinumite ng sinumang bukod sa isang hukuman ng paglilitis, o kaya ng independiyenteng kontraktor, ay dapat isumite sa CIP sa loob ng 90 araw ng hinihinalang maling pag-uugali.
2. Bilang samahang tumatanggap ng empleyado, dapat na lokal na siyasatin ng hukuman ang anumang paratang ng maling pag-uugali ng empleyado. Kung maaaring magdulot ng parusa sa kredensyal ng tagasalin ang mga resulta ng pagsisiyasat, dapat magsumite ang hukuman ng kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal sa loob ng 30 araw pagkatapos ng pagsisiyasat; o
 - a. Kung mangangailangan ang isang hukuman ng tulong sa pagsisiyasat at natukoy na kailangan ng pagsusuri ng kredensyal, dapat isumite ng hukuman ang kahilingan sa CIP sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng hinihinalang maling pag-uugali; o
 - b. Kung lumampas na ang 90 araw na yugto, dapat isumite ng hukuman sa CIP ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal sa loob ng 30 araw ng pagkakabatid sa hinihinalang maling pag-uugali, o pagkatapos tumugon sa isang kasalukuyang serye ng pag-uugali na maaaring mangailangan ng parusa sa kredensyal ng tagasalin ng hukuman.

E. Pagsusumite ng Kahilingan para sa Pagsusuri ng Kredensyal

Ang sinumang tao o anumang samahan, kabilang ang hukuman, ay maaaring magsumite sa CIP ng kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal tungkol sa tagasalin ng sinasalitang wika na isang

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

sertipikado at nakarehistrong tagasalin ng hukuman ng California at nakatala sa Master List. Ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal ay:

1. Dapat isumite gamit ang porma ng reklamo, na available sa webpage na “Programang Mga Tagasalin ng Hukuman” ng website ng Mga Hukuman ng California:
<https://www.courts.ca.gov/42807.htm>.
2. Dapat lagdaan at lagyan ng petsa sa ilalim ng parusa ng pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag. Sa panahon ng proseso ng pagsusuri ng kredensyal, pananatilihin ang pagkakumpidensyal ng pagkakakilanlan ng nagrereklamo hanggang sa pinapahintulutan ng batas.
3. Ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal ay dapat may kasamang detalyadong paglalarawan ng hinihinalang maling pag-uugali kabilang ang, kung alam o mayroon, petsa, oras, lokasyon, pangalan ng tagasalin, numero ng badge ng tagasalin, numero ng file ng kaso ng paglilitis na isinalin, mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng sinumang potensyal na saksi, at anumang dokumento o ebidensyang sumusuporta sa mga paratang.
4. Dapat isumite sa CIP ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal, o sa lokal na hukuman kung saan nangyari ang paratang. Maaaring isumite nang personal o ipadala sa koreo ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal:

Judicial Council of California
Court Interpreters Program
455 Golden Gate Avenue
San Francisco, CA 94102-3688

Ang porma ng reklamong humihiling ng pagsusuri ng kredensyal, kasama ang pansuportang dokumentasyon, ay maaari ding isumite sa pamamagitan ng e-mail sa: credreview@jud.ca.gov.

F. Pagtatasa ng Kahilingan para sa Pagsusuri ng Kredensyal

Sa loob ng 30 araw pagkatanggap sa kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal, tatasahin ng kawani ng CIP ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal at tutukuyin nito kung ito ay kumpleto, nakakatugon sa mga panghurisdiksyong kinakailangan, at nagbibigay ng mga sapat na makatotohanang paratang na, kung totoo, bubuo ng mga batayan para sa mga parusang hanggang sa at kinabibilangan ng pagpapawalang bisa sa kredensyal ng tagasalin.

1. Aabisuhan ang nagrereklamo sa loob ng 45 araw pakatanggap sa kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal na nagpapabatid sa nagrereklamong natanggap na ang kahilingan at sinusuri na ito; o

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

2. Maaaring hilingin sa nagrereklamong magbigay ng karagdagang impormasyon para sa kawani para matasa ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal. Dapat isumite ang karagdagang impormasyon sa loob ng 30 araw, o ayon sa iniatas ng kawani ng CIP.
3. Aabisuhan ng kawani ng CIP ang nagrereklamo tungkol sa isasagawang pagkilos hinggil sa kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal, at:
 - a. Kung natutugunan ng kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal ang mga panghurisdiksyong kinakailangan, bibigyan ng nakasulat na abiso ang tagasaling paksa ng kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal. Maglalaman ang abiso ng buod ng (mga) paratang, ang petsa kung kailan nangyari ang (mga) paratang, at ang numero ng file ng kasong isinalin, kung available o nalalapat. Dapat ipadala ang abiso sa loob ng 45 araw pagkatanggap sa kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal ng kawani ng CIP; o
 - b. Maaaring maantala ang pagtatasa ng kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal kung nauugnay ang mga paratang sa nakabinbing sibil na paglilitis o paglilitis ng krimen. Aabisuhan ng kawani ng CIP ang nagrereklamo at ang paksang tagasalin tungkol sa pagkaantala, mga dahilan ng pagpapaliban, at inaasahang tagal nito, kung nalalaman.
4. Kung hindi natutugunan ng mga paratang sa kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal ang mga panghurisdiksyong kinakailangang magdudulot ng mga parusa sa kredensyal ng tagasalin, aabisuhan ang nagrereklamo sa loob ng 45 araw pagkatanggap sa kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal.
5. Kumpidensyal ang lahat ng kahilingan para sa pagsusuri at pagsisiyasat ng kredensyal, maliban na lang kung naglabas ng huling pasya para ipataw ang mga parusang nakalahad sa seksyon L, Abiso ng Parusa sa Kredensyal.
6. Maaaring gawing naa-access ng publiko ang huling pasya, kabilang ang mga batayan para sa (mga) parusa alinsunod sa mga panuntunang umiiral sa pagsisiwalat sa publiko at Mga Panuntunan ng Hukuman ng California, panuntunan 10.500.

G. Pagsisiyasat ng Kahilingan para sa Pagsusuri ng Kredensyal at Pagbibigay ng Dokumento ng Akusasyon

1. Maaaring kabilang sa pagsisiyasat ang, ngunit hindi limitado sa:
 - a. Pakikipanayam sa nagrereklamo, tagasalin, mga saksi, at iba pang mahalagang tao. Kung pipiliin ng tagasaling huwag sumali o sumagot sa mga tanong, maaaring magpatuloy ang pagsisiyasat nang walang paglahok ng tagasalin.
 - b. Pagsusuri ng mga talaan, dokumento, file ng kaso, at iba pang materyales.
 - c. Paghiling ng impormasyon at mga materyales mula sa tagasalin at iba pang mahalagang tao. Dapat sumagot ang tagasalin sa lahat ng katanungan sa loob ng 30 araw pagkatanggap sa kahilingan para sa impormasyon o mga materyales maliban na lang kung magbibigay

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

- ang kawani ng CIP ng pagpapalawig kapag nagpakita ng makatuwirang dahilan. Kung pipiliin ng tagasaling huwag tumugon sa kahilingan para sa impormasyon o mga materyales, maaaring magpatuloy ang pagsisiyasat nang walang paglahok ng tagasalin.
- d. Pagkonsulta sa eksperto sa paksang usapin tungkol sa mga tungkulin at kinakailangan para magsilbi bilang tagasalin ng hukuman.
 2. Sa pagtatapos ng pagsisiyasat, kung may mga batayan para sa isa o higit pang parusa, may ihahandang dokumento ng akusasyon ang kawani ng CIP o ang legal na konseho nito na nagbibigay ng ebidensyang batayan para sa mga konklusiyong sumusuporta sa mga natukoy na parusa sa kredensyal ng isang tagasalin. Ang dokumento ng akusasyon ay kaalinsabay na: (1) ibibigay ng kawani ng CIP o ng legal na konseho nito sa tagasalin; at (2) ihahain sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings o OAH), na siyang magkakaroon ng hurisdiksyon sa administratibong proseso ng pagsasagawa ng mga parusa laban sa kredensyal ng tagasalin. Maaaring magpasya ang kawani ng CIP na magbigay ng paunang abiso sa tagasalin na may ihahaing dokumento ng akusasyon.
 3. Kapag nakapaghain at nakapagharap na ng dokumento ng akusasyon, malalapat at sinasama na rito ang mga pamamaraang inilahad sa Administrative Procedure Act (APA), seksyon 11500 et seq. ng Kodigo ng Pamahalaan. Malalapat ang mga pamamaraan ng APA sa paglalapat ng mga parusa sa kredensyal ng tagasalin maliban na lang kung iba ang nakalahad sa mga pamamaraang ito, sa sitwasyong ito ay mananaig ang nakalahad sa mga pamamaraang ito.
 4. Maaaring humiling ang tagasalin ng pagdinig para salungatin ang mga akusasyon pagkatapos lumahok sa mga pagsisikap sa paglutas ng hindi pagkakasundo gaya ng nakalahad sa ibaba sa ilalim ng subdibisyon (5). Para humiling ng pagdinig, dapat magbigay ang tagasalin ng Abiso ng Depensa sa tanggapan ng Programa ng Mga Tagasalin ng Hukuman ng Judicial Council, o sa legal na konseho nito, sa loob ng 30 araw pagkabigay sa dokumento ng akusasyon. Pagkabigay ng Abiso ng Depensa, mag-iiskedyul ang tanggapan ng Programa ng Mga Tagasalin ng Hukuman ng Judicial Council o ang legal na konseho nito ng pagdinig sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig. Ang kabiguang magbigay ng Abiso ng Depensa bago ang huling araw ay magresulta sa pagharap ng tagasalin sa mga panukalang parusa alinsunod sa seksyon 11520 ng Kodigo ng Pamahalaan.
 5. Bago ang paghahain ng Abiso ng Depensa at paghiling ng pagdinig, dapat lumahok ang tagasalin at ang kawani ng CIP o ang legal na konseho ng CIP sa hindi pormal na pagsisikap sa paglutas ng hindi pagkakasundo (hal. conference sa tawag sa telepono para talakayin ang potensyal na paglutas; kinakailangan ang pormal na pamamagitan ng third party). Kung hindi nila malulutas ang mga akusasyon, magpapatuloy ang kaso sa pagdinig.

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

H. Paglutas nang hindi Nagbibigay ng Dokumentong Akusasyon

Sa pamamagitan ng pag-apruba ng kawani ng CIP, maaaring malutas ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal bago ang pagbibigay ng dokumento ng akusasyon.

1. Maaaring malutas ang isang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal sa pamamagitan ng:
 - a. Boluntaryong pagbawi ng kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal ng nagrereklamo bago ang pagbibigay ng dokumento ng akusasyon;
 - b. Boluntaryong pagsusuko ng tagasalin ng kanyang kredensyal sa pagsasalin at pag-aalis ng tagasalin sa Master List; o
 - c. Kasunduan sa pagkakaayos na nilagdaan ng tagasalin at ng Administratibong Tagapangasiwa ng Judicial Council o ng kanyang itinalaga. Magbubunsod ang pag-apruba sa pagkakaayos ng Administratibong Tagapangasiwa o ng kanyang itinalaga sa huling pasya at hindi ito mapapailalim sa higit na pagsusuri.
2. Nangangailangan ang boluntaryong pagsuko ng kredensyal sa pagsasalin sa pagbibigay ng tagasalin sa CIP ng nakasulat na abiso ng boluntaryong pagsuko ng tagasalin ng kredensyal sa pagsasalin. Pagkasumite ng nakasulat na abiso sa CIP, wawakasan ang anumang pagsusuri ng kredensyal at/o proseso ng administratibong pagdinig para sa pagpapataw ng mga parusa o pagpapawalang bisa sa kredensyal na isinagawa rito. Pagkasuko ng kredensyal ng tagasalin, maaalis ang tagasalin sa Master List at hindi na siya magiging kwalipikado para magsalin sa mga hukuman ng California at magiging bahagi ng Programa ng Tagasalin ng Hukuman. Maaaring suriin ang kahilingan para sa pagsusuri ng kredensyal at mga parusang nagmumula sa mga paglilitis kung gusto ng tagasalang ibalik ang kanyang kredensyal.
3. Maaaring i-post sa wepage ng CIP ang mga parusang ipinataw sa kredensyal ng tagasalin alinsunod sa mga panuntunan hinggil sa pagsisiwalat sa publiko.
4. Sa pagpapasya ng CIP, maaaring isaalang-alang at tanggapin ang anuman sa mga paglutas na inilahad para sa nabanggit pagkatapos ng paghahain ng dokumento ng akusasyon.

I. Karapatang Mapangatawanan

Maaaring katawanin ang isang tagasalin ng legal na konseho sa ilalim ng mga pamamaraang ito, na babayaran ng tagasalin.

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

J. Mga Paglilitis sa Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig at Pagsusuri ng Panel ng Pagpapayo ng Judicial Council

Isasagawa ang mga pagdinig sa OAH sa harap ng hukom ng administratibong batas at magpapatuloy ang mga ito sa ilalim ng mga pamamaraan at kinakailangang nakalahad sa APA.³

Pagkatapos ng pagdinig sa harap ng hukom ng administratibong batas, maghahanda siya ng panukalang pasya at utos alinsunod sa seksyon 11517(c) ng Kodigo ng Pamahalaan. Pagkatapos nito, ang panukalang pasya at utos ng hukom ng administratibong batas ay susuriin ng panel na may tatlong miyembro na binubuo ng mga kasalukuyang miyembro ng Panel ng Pagpapayo sa Mga Tagasalin ng Hukuman (Court Interpreters Advisory Panel o CIAP) ng Judicial Council alinsunod sa seksyon 11517(c)(2) ng Kodigo ng Pamahalaan, at maaaring magsagawa ng anumang pagkilos ang panel na may tatlong miyembro gaya ng nakalahad sa seksyong iyon.⁴

K. Parusa⁵ Hinggil sa Kredensyal

1. Dapat kasama sa uri ng parusa sa kredensyal ng tagasalin ang pagsasaalang-alang ng mga kundisyong nakapagpalala at nakapagpababa, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:
 - a. Layunin ng tagasalin;
 - b. Kalalaan at epekto ng panganib sa nagrereklamo, sa hukuman, mga tagalitis, mga pangatlong partido, o mga prosesong panghukuman; at
 - c. Kasaysayan ng tagasalin bago ang pagdisiplina, kabilang ang anumang serye ng hindi wastong pag-uugali.
2. Maaaring kabilang sa mga parusa sa kredensyal ng tagasalin ang, ngunit hindi limitado sa isa o higit pa sa mga sumusunod:
 - a. Pagpapawalang bisa sa sertipikado o nakarehistrong status ng kredensyal na permanente o panandalian;
 - b. Pagsususpende sa sertipikado o nakarehistrong status sa loob ng partikular na yugto ng panahon kung saan pagkatapos nito, dapat gumawa ang tagasalin ng nakasulat na abiso sa Programa ng Tagasalin ng Hukuman para sa pagbabalik ng kanyang kredensyal;

³ Administrative Procedure Act, sa https://oal.ca.gov/publications/administrative_procedure_act/, at Kodigo ng Pamahalaan, § 11500 et seq., sa https://california.public.law/codes/ca_gov't_code_section_11500.

⁴ Dapat sertipikado o nakarehistrong tagasalin ng hukuman na miyembro ng Panel ng Pagpapayo sa Mga Tagasalin ng Judicial Council ang isa sa mga miyembro ng panel na may tatlong miyembro.

⁵ Hiwalay sa *Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California*, ang mga sertipikado at nakarehistrong tagasalin ng hukuman ng California ay maaaring masuspende o mapawalang bisa ang kanilang sertipikasyon dahil sa kabiguang sumunod sa mga taunang kinakailangan sa pagsunod gaya ng nakabalangkas sa Mga Kinakailangan sa Pagsunod para sa Mga Sertipikado at Nakarehistrong Tagasalin ng Hukuman, sa <http://www.courts.ca.gov/23507.htm>.

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

- c. Probasyon sa loob ng nakatakdang yugto na dalawang taon o mas maikli, kung saan dapat matugunan ng tagasalin ang mga pamprobasyong tuntunin ayon sa tinukoy ng huling pasya at utos para mapanatili ang status ng kredensyal;
- d. Isang pag-aatas na kumuha ng mga partikular na kurso sa edukasyon para mapanatili ang status ng kredensyal;
- e. Pampubliko o pribadong babala; at
- f. Isang pag-aatas sa tagasalin ng hukuman na kunin ang mga pagsusulit sa pagkuha ng kredensyal na umiital sa oras na maibigay ang huling pasya at utos.

L. Abiso ng Parusa sa Kredensyal

- 1. Dapat abisuhan ng kawani ng CIP o ng legal na kinatawan nito ang nagrereklamo, tagasalin, at lahat ng kaugnay na hukuman sa loob ng 30 araw pagkabigay sa huling pasya at utos na tumutukoy sa parusa sa kredensyal ng tagasalin. Huling pasya at utos na binubuo ng paggamit ng panel na may tatlong miyembro ng panukalang pasya ng hukom ng administratibong batas alinsunod sa seksyon 11517(c)(2)(A)–(D) ng Kodigo ng Pamahalaan, o ng pagbibigay ng bagong pasya ng panel na may tatlong miyembro alinsunod sa pamamaraang inilarawan sa seksyon 11517(c)(2)(E) ng Kodigo ng Pamahalaan.
- 2. Maaaring mag-post ang CIP ng impormasyon tungkol sa status ng kredensyal ng isang tagasalin sa webpage ng “Programang Mga Tagasalin ng Hukuman” alinsunod sa mga panuntunang nangangasiwa sa pagsisiwalat sa publiko.

M. Mga Apela

Maaaring iapela ng tagasalin ang huling pasya at utos ayon sa pinahintulutan sa seksyon 11523 ng Kodigo ng Pamahalaan ng APA.

N. Pagbabalik

Maaaring mag-apply ang isang tagasaling naspinde o panandaliang napawalang bisa ang kredensyal ng tagasalin sa pamamagitan ng pagsulat sa CIP para sa pagbabalik sa loob ng panahong tinukoy sa pasya at utos na nagpataw ng parusa. Nakasalalay lang sa CIP ang pagpapasyang tukuyin kung natugunan ang mga kundisyon para sa pagbabalik.

Mga Pamamaraan ng Pagsusuri ng Kredensyal ng Tagasalin ng Hukuman ng California

O. Pagkakumpidensyal

Dapat kumpidensyal ang lahat ng kahilingan para sa pagsusuri, ebidensyang nakolekta, at mga pagsisiyasat, maliban na lang kung nagkaroon na ng huling pasya at utos para magpataw ng parusa sa kredensyal ng tagasalin. Sa mga limitadong pagkakataong iyon, dapat naa-akses ng publiko ang huling pasya at utos, ang mga batayan para sa (mga) parusang ipinataw, at ang mga impormasyong binanggit bilang suporta sa huling pasya at utos sa (mga) parusang nauugnay sa kredensyal, hanggang sa at kinabibilangan ng pagpapawalang bisa sa kredensyal ng tagasalin.

May umiiral na huling pasya at utos alinsunod sa seksyon L, Abiso ng Parusa sa isang Kredensyal.

Ang impormasyong naa-akses ng publiko ay maaaring i-post sa webpage ng “Programang Mga Tagasalin ng Hukuman” ng Judicial Council, o maaari itong gawing available sa publiko sa pamamagitan ng kahilingan para sa mga pampublikong talaan sa Judicial Council sa ilalim ng seksyon 68106.2 ng Kodigo ng Pamahalaan at panuntunan 10.500 ng Mga Panuntunan ng Hukuman ng California.